**Mga awit sa album na Dakilang Hamon**

### 1. Dakilang Hamon

*Capo: 5th Fret*
*Intro: Am-G-E-Am-F-E7*

*Am G E7 Am*
Sindihan nating muli ang sulo ng karunungan
*G E7 Am*
Muling pag-alabin ang diwa ng himagsikan
*F G E7 Am*
Apoy ng mga larangan ay paglagablabin
*F G E7 Am-G-F-E7*
Itoy dakilang hamon, paninindigan natin.

*(Parehong Kwerdas)*

Sa lupang ito ating madarama
Nagngangalit na init ng pakikibaka
Apoy na nagdadalit na pilit sinugba
Ng buhos ng ulan, gininaw ang pag-asa

Saan man magtungoy may dapog ang masa
Kailangang laging gatungan natin ng pag-asa
Ang naiwang baga ay pagliyabin
Itoy dakilang hamon, susukat sa atin

Sindihan nating muli ang sulo ng karunungan
Muling pag-alabin ang diwa ng himagsikan
Apoy ng mga larangan ay paglagablabin
Itoy dakilang hamon, paninindigan natin.

At kung muling bubuhos ang ulan
At ang ating suloy tangkaing sugbahan
Ang dampa ng masa ang ating kanlungan
Apoy sa kanyang pusoy ating kailangan

At sa paglipas ng buhos ng ulan
Ating mamamasdan ang mga larangan
Malayang sisikat ang araw sa silangan
Wala nang hahadlang sa kalayaan

Sindihan nating muli ang sulo ng karunungan
Muling pag-alabin ang diwa ng himagsikan
Apoy ng mga larangan ay paglagablabin
Itoy dakilang hamon, paninindigan natin.

**2. Armadong Pag-aambag**

*Intro: Em-D-C-Em (2x)*

1.
*Em D C Em*
Sama-sama sa tawanan, sabay-sabay sa pagakain
*D C Em*
Sa pagdilim ay hihimlay, kapayapaa'y sumisiping
*D C Em-D-C-Em*
Armadong pakikibaka ang nagbibigkis sa amin

2.
*Em D C Em*
Nang ang bigkis ay nakalag, ang ilan ay bumaligtad
*D C Em*
Para sa sariling sarap
*D C Em*
Ang iba ay bumagsak, dulot ng paglalagablab
*D Em-D-D7*
Sa punglong likha ng digma.

Koro:
*G D G D*
Ako ngayo'y nagpakatatag, sandata'y MALAKAMAZA
*C*
Upang bigkis ay di lumuwag
*D Em*
Sa aking armadong pag-aambag

*Em-D-C-Em*
*Em-D-C-Em*

3.
*Em D C Em*
Ako ngayo'y tumatawag, kahit ilan ay nalaglag
*D C Em*
Tayo ngayo'y magpakatatag nang bigkis ay di lumuwag
*D Em*
Sa ating armadong pag-aambag

*(Ulitin ang Koro)*

*Em-D-C-Em*
*Em-D-C-Em*

*(Ulitin ang 3)*
*D Em*
... Sa bayang nililiyag
*D Em*
Sa bayang nililiyag

### 3. Pahulaan

*Capo: 2nd Fret*
*Intro: E-A-B*
*E A*
Ang hindi lumingon sa pinanggalingan
*B E*
Ay hindi makararating sa paroroonan
*A*
Ito'y isang kasabihan o isang paalala
*B B7 E*
Ng mga matatanda sa una

*(Parehong tipa: E-A, B-E, E-A, B-E)*

Naniniwala ba kayo sa kasabihang ito?
Sasali ba kayo sa aming pagkukwento?
Gagawin namin itong isang pahulaan
Ang makahuhulay papalakpakan.

Kami'y mayrong nakilala nag-aastang Leninista
Kung saan-saan pumupulot ng teorya
Gangster ng Kalookan, hari ng Kamaynilaan
At pasimuno ng holdapan
Nanunog ng bus, nang-ambus ng nang-ambus
At nagpabugso ng hindi bumugso.
(Hulaan kung sino? Sagot: POPOY)

Koro:
*E*
Ayayayayay nabisto
*A*
Ayayayayay nabuko
*B E*
Sila-sila lang pala ang nagplano

Ayayayayay nabisto
Ayayayayay nabuko
Si Ramos na pala ang amo

*(Parehong tipa sa ordinaryong istansa)*
Kamiy may nakilala rin teoretista raw siya
Kakutsaba pala ni Joel Rocamora
Binago ang AB, binago ang PNP
Habang nagpapanggap na kagawad ng KT
Utak ng mga kawkus ng mga insurektus
Sektarista at pasyunalista
(Hulaan kung sino? Sagot: PACO)

*(Parehong tipa sa koro)*
Koro:
Ayayayayay nabisto
Ayayayayay nabuko
Sila-sila lang pala ang nagplano
Ayayayayay nabisto
Ayayayayay nabuko
Si Ramos na pala ang amo

*(Parehong tipa sa ordinaryong istansa)*
Kumander-in-tsip daw nitong BHB
At tumatayong pinuno ng GC
INsureksyon kanyang inilusyon
Regularisasyon ang layon
Pwersay ginasgas sa Partidoy dumugas
Tatlumpung milyon itinakas
(Hulaan kung sino? Sagot: KINTANAR)

*(Parehong tipa sa koro)*
Koro:
Ayayayayay nabisto
Ayayayayay nabuko
Sila-sila lang pala ang nagplano
Ayayayayay nabisto
Ayayayayay nabuko
Si Ramos na pala ang amo

4. **Dahan-dahan**

*Intro: Am7-G (4x)*

```
         Am7
Dahan-dahan
     G             Am7
Isa-isa ang hakbang
Palusong at paahon
        F                      E-E7
Tinatawid mga sapang maliliit
```

      *Am7*
Mga ilog na malalim
*G                                 Am7*
Maputik at masukal na daan
              *F                     E-E7*
Hirap at pagod di alintana
        *Am7*
Sinusuong ang dilim ng gabi
*G                            Am7*
Sinasalubong buhos ng ulan
                     *F                            E7*
Handang harapin panganib sa daan

Koro:
             *Am*
Mga Pulang mandirigma
           *G                                Am*
Taglay ang mapanlabang diwa
Buhay ay iaalay
        *G                                   E7*
Para sa pambansang pagpapalaya
     *F                 E7*
Kasama ang masa
   *F                 E7*
Susulong at lalaban
          *F   G               Am*
Hanggang sa tagumpay

(Ulitin nang buo)
            *Am7           G             Am*
Dahan-dahan, isa-isa ang hakbang (3x)
   *Am-G                      Am*
Isulong ang digmang bayan
   *Am*
Isulong!

## 5. Pulang Paaralan

*Capo: 2nd fret*

1.
     *D                                  A*
Tayong mga Hukbo ay laging nakahanda
    *A                               D*
Laging nakahanda sa pakikibaka
            *G                           D*
Ang laging nakahanda ay ang kaisipan
*A                                     D*
Para makamtan ang kalayaan

Koro:
*G D*
At tayo'y nasa Pulang Paaralan
*(chant)*
“Na dapat mag-aral at makibaka!”
*G D*
Pandayin natin ang ating kaisipan
*A D*
Paglingkuran ang sambayanan

2.
*D A*
Ang Pulang Hukbo ay Pulang Paaralan
*D*
Na humahango ng dakilang aral
*G D*
Sa pakikibaka ng mamamayan
*A D*
Na siyang hangdan tungo sa tagumpay
*G D*
Patnubay natin Marxismo-Leninismo
*A D*
at kaisipang Mao Zedong

(Ulitin ang Koro at 2.)

6. **Paglalakbay**

*Intro: C/G – C/B – Am/G – FM7 – G – C (2x)*

*C C/B F G C*
Sa aking paglalakbay, kay raming iniisip\
*C C/B F G C-C7*
Pagpunta sa kabundukan, matibay ang pananalig
*F G C – C/B - Am*
May layunin bawat paglalakbay
*F G C-C/B-Am/ G*
May diwa bawat pagpapagal
*F G C-C/B-Am/G*
May araw na naghuhudyat
*F G C*
Sa layang laon nang hinahangad

*C/G – C/B – Am/G – FM7 – G – C (2x)*

*(Parehong tipa)*

Sa ating paglalakbay, kay raming natutunan
Sa piling ng mamamayang namulat sa katotohanan
May layunin, bawat paglalakbay
May diwa, bawat pagpapanday
May araw na maghuhudyat
Sa layang laon nang hinahangad

Sa aming paglalakbay, kay raming naranasan
Sa tagumpay at kabiguan, katatagan ang kailangan
May layunin bawat paglalakbay
May diwa bawat pagsisikhay
Ang masa ang magtatakda
Sa panahon ng ganap na paglaya

Sa aking paglalakbay kay raming iniisip
Pagpunta sa kabundukan, matibay ang pananalig
May layunin, bawat paglalakbay
May diwa bawat pagpapagal

Ang masa ang magtatakda
Sa araw ng ganap na paglaya

### 7. Kapit Bisig

```
    D                       A  G         A      D
Mahaba man ang daang ating nilalakbay
    D                        Bm    G          A7   D
Mataas man ang bundok na ating inaakyat
    D                     A            G         A7     D
Malawak man ang parang na ating binabagtas
    D   A   Bm          G         A7             D
Lahat ng ito'y makakaya nating lagpasan
```

*(Parehong tipa)*

Init ng haring araw, hampas ng bagyo't sigwa
Hindi alintana, hirap na nadarama
Pagkat sa isipan, ang baya'y paglingkuran
At ang ating buhay, sa kanya'y iaalay

Koro 1.

```
D                          A   G    A7    D
Abutin man ng pagod, hirap at sakit
D                A7           G     A7   D
Diwa at prinsipyo hindi magagapi
```

*D                   A7                        G              D*
Pagka't ikaw at ako'y may wagas na pag-ibig
*D        A7             G       A7      D*
Sa ating bayang malaon nang api

Koro 2.
*Bm          F#m   G             A7*
Kapit-bisig tayo aking mahal
*Bm      F#m           G                 A7*
Kapit-bisig tayong magpapanday
*D      A                   G                D*
Sa kinabukasang ganap na malaya
*D       A                     G      E        D*
Kapit-bisig tayo sa landas ng tagumpay

*C    Em    Am     F          G          C*
Dugo at pawis, yan ang ating puhunan
*F                            G              C    Em      Am*
Makamtan lang ang kalayaang inaasam ng bayang
*F         G               C  - A7*
Lugmok sa hirap at dalita

Ulitin ang Koro 1 & 2

*D   A7  G   D, D  A7  G  D*
Oooooo..... (2x)
*D         A7         G        A7     Ad*
Sa ating bayang malaon nang api

## 8. Lumaban at Magtagumpay

*Am                            G            Am*
Walong tag-araw na singkad ang lumipas
*Am                                G                   Am*
Tumatangis ang lupa sa pagkabulok ng mga palay
*Dm                    Am             Dm                        Am*
Ang dating masasayang parang, ngayo'y puntod ng panaghoy
*Dm            Am              Dm   Dm7     E-E7*
Sa ilog ay dumadaloy ang dugo ng karahasan

*Am                    G                        Am*
Ano ang nangyari, bakit nagkaganyan
*Am                               G                    Am*
Sumasanib sa hangin ang pulburang umaasingaw
*Dm          Am            Dm              Am*
Mga bubong na anahaw, kinupasan na ng kulay
*Dm             Am          Dm      D7       E-E7*
Mga kubo'y nililigiran ng kampo ng militar

```
     Am                     G
Balikan ang kasaysayan ng paglakas
    Am                 G
Ugatin ang kahinaan ng pagbagsak
              Am
At muling pagbawi
                         G
Palitan ang takot ng paglaban
      Am                      G
Sama-samang bumangon at lumaban
         Am
Pawiin ang lagim

      Am       G              Am
Nasa atin ang lakas ng mamamayan
   Am        G        Am
Isapuso ang batas ng digmaan
           F                    Am
Sa pagkabigo tayo'y muling lalaban
       F                       E7
Sa paglaban tayo'y magtatagumpay(2x)

                 Am
... Sa huling tag-araw
```

### 9. Pulang landas ng tagumpay

```
Koro:
         Bm
Tayo ngayo'y naglalakbay
        A        Bm
Sa lagablab ng digmaan
        Bm
Paglaya ay makakamit
       A         Bm
Sa paraan ng paglaban
     G     A    Bm
Sakripisyo't kamatayan
        G  A      Bm
Isang salik sa tagumpay
    Em       Bm
Kailanga'y mapulang bukas
   G                 Bm-G-F#7
Sa bayang nakahandusay (2x)

 Bm                         A               Bm
Teorya ay mahalaga, pinanday mula sa praktika
                               A        Bm
Mahusay na kaalaman, patungo sa mga larangan
```

          G          A                 Bm
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong
      A                    Bm                G                F#-Bm-F#7
Hindi lamang sa Pilipinas, ito'y gabay pangkabuuan.

           *B                          G#                         C#m*
Pagpuna ay lagi na sa mabuti at maling gawa
      *F#                  C#m              F#              Bm*
At ito ay moog at sandata sa ating pakikibaka
*Bm                  B                  G#                      C#m*
Ang Hukbong Bayan at ang Partido'y nakalaan
             *F#                C#m                  F#  B                 F#-Bm*
Sa pagpuna ng kahinaan, pagwawasto sa maling daan

(Koro)

(Parehong tipa)

Halina't taluntunin, matagalang digmang bayan
Upang hindi na malihis, dapat laging tatandaan
Saligang prinsipyo magsisilbing tanglaw
Tiyak ang ating patutunguhan sa landas ng pagtatagumpay

Mamamayan ang mapagpasya, gumising at magbangon na
Pandayin makauring sandata, kapit-bisig na magkaisa
Dambuhalang lakas ng bayan, dadaluyong kahit saan
Isinusulong ang digmaan sa pambansang kalayaan

(Koro)

**10. Papuri sa sosyalismo**

Hindi tayo titigil hangga't di nagwawagi
Ang ating mithiing magkapantay-pantay
Walang magsasamantala, walang mang-aapi
'Yan ang sandigan ng ating pamumuhay

Ilalaban natin ang bagong kaisipan
Ng pinakasulong na uri ng lipunan
Mananaig ang diwa ng proletaryo
Bawat hakbang natin patungong sosyalismo

Intro:
*D-C-G-D-A-A7*

        *D                                   C              D*
Magbabago ang paggamit ng ating makina
                                        *C           D*
Hindi na gagamitin sa pagsasamantala

*C                              D*
Para sa lipunan ang ating yayariin
*                                    C              D-D7*
Hindi pagtutubuan ang ating lilikhain

*(Parehong tipa)*
Alyansang manggagawa at magsasaka
Lakas at kapangyarihang walang hanggan
Babaguhin ng proletaryo ang buong mundo
Bawat hakbang natin patungong sosyalismo

Hindi tayo titigil hangga't di nagwawagi
Ang ating mithiing magkapantay-pantay
Walang magsasamantala, walang mang-aapi
'Yan ang sandigan ng ating pamumuhay